Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG DISYEMBRE, 2020 SA GANAP NA IKA-11:17 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

# KAPASIYAHANG BLG. 121 T. 2020

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY G. MARLON TOBIAS, PANLALAWIGANG PINUNO NG TANGGAPAN NG AGRIKULTURA NG IBA'T-IBANG URI NG BINHI NG GULAY UPANG MAIPAMAHAGI SA MGA MAMAMAYAN NG BAYAN NG LUMBAN**

**Akda ni: Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT,** malaking tulong sa kabuhayan ng mga magsasaka ng Bayan ng Lumban na sila ay mapagkalooban ng mga binhi ng gulay sakaling mamunga ito ng masagana ay madadala sa Pamilihang Bayan;

**SAPAGKAT,** ang mga bungang maaani mula sa butong itinanim ay magsisilbing karagdagang pagkain sa hapag kainan ng mga mahihirap na mamamayan ng Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan ni Kgg. Sheryll Tablico-Gaurino at sinang-ayunan ng lahat ng Kagawad, ay;

**IPINASIYA,** tulad nang dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na hilingin kay G. Marlon Tobias, Panlalawigang Pinuno ng Tanggapan ng Agrikultura ng iba't-ibang uri ng mga binhi ng gulay upang maipamahagi sa mga mamamayan ng Bayan ng Lumban.

**IPINASIYA NA,** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-23 ng Disyembre, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt122320res121*